

## PANANAW AT DANAS NG MGA GURONG FILIPINO: BATAYAN SA PAGBUO NG PLAN OF ACTION

REBOAM S. AÑEZ

(Tarlac State University, Philippines)

[reboam.anez@deped.gov.ph](mailto:reboam.anez@deped.gov.ph)

+639087022360

**ABSTRACT:** A teacher's response to teaching can be considered a risk to the learning process. Especially when she teaches the subject matter does not her major. Because the success of learning of the students will depends on her. The purpose of this study is to illustrate the perspective and experience of non- Filipino major teacher who teaches Filipino subject even if it is contrary. This study identifies the strength and weakness of teachers in the elements of teaching. In describing them, it has been determined that there is no significance between perspective and demographic profile of teachers, except for the element of knowledge in the subject matter that has a significance. As a result of the study, the strength in teaching of Filipino subject has been identified, the main element of teaching has been described as the "Experienced" description: classroom management, while the preparation of the teaching learning materials became the "Less Experienced" description from the five main elements of teaching. The researcher suggested to implement a plan of action to indulge awareness skills, and teacher management on a Filipino-language subject, teaching method, strategies, and class management. Similarly, it wants to fill in the shortage of teachers with knowledge and skills in preparing teaching learning materials, to solve the learning problems and to promote the fulfillment of the goal of creating a teacher who is effective and innovative for the 21st century.

**KEYWORDS:** *Perspective, Experience, Plan of Action, Learning Materials, Subject Matter*

**ABSTRAK:** Ang pagtugon ng isang guro sa pagtuturo ng hindi niya medyor ay maituturing isang panganib sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, sapagkat nakasalalay sa kaniyang pagtuturo ang katagumpayan ng pagkatuto ng isang mag-aaral. Layunin ng pag-aaral na ito mailarawan ang pananaw at danas ng mga gurong nagtuturo ng Filipino kahit na ito ay taliwas sa kanilang medyor. Tinukoy sa pag-aaral na ito ang kalakasan at kahinaan ng mga guro sa mga elemento ng pagtuturo. Sa paglalarawan ng mga ito, natukoy na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pananaw at danas sa demograpikong propayl ng mga gurong kalahok liban sa elemento ng kaalaman sa paksang aralin na may makabuluhang ugnayan.

Bilang resulta ng pag-aaral, natukoy ang kalakasan sa pagtuturo ng Filipino, ang pangunahing elemento ng pagtuturo ay nailarawan bilang "Nararanasan" na deskripsyon: ang pamamanihala ng klase; samantalang ang paghahanda ng kagamitang pampagtuturo ang naging kahinaan "Di-gaanong Nararanasan" na deskripsyon mula sa limang pangunahing elemento ng pagtuturo. Iminumungkahi ng mananaliksik ang pagpapatupad ng *plan of action* upang layong magpatibay ang kabatirang kasanayan, at mahusay na pamamalakad ng guro sa paksang-aralin sa Filipino, pamamaraan sa pagtuturo, paraan ng pagtataya, at pamamanihala ng klase. Gayundin, nais nitong punan ang kakulangan ng mga guro sa kaalaman at kasanayan sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo, mabigyang kalutasan ang mga natuklasang suliranin ng pag-aaral at maitaguyod ang pagsasakatuparan sa layuning makahubog ng isang gurong mabisa at mapagbago para sa ika-21 siglo.

### I. PANIMULA

Ang pag-usbong ng kurikulum na *K to 12* sa mga nakalipas na taon ay maituturing isang malaking hakbang ng Kagawaran ng Edukasyon sa pagpapanatili ng isang mahusay na edukasyong panlahat sa bansa. Dagdag pa rito, ang kanilang isinusulong na programang pinamagatang, "Sulong EduKalidad!" ay isang pagpapatibay sa aktuwalidad ng kanilang nasang makapagbigay sa mga mag-aaral ng isang edukasyong kayang makipagsabayan sa mapagbagong mundo. Sa pagsasakatuparan nito, malaking papel ang ginagampanan ng mga guro tungo sa kaganapan ng ganitong adhikain. Manapa'y sa anomang sistema ng pagkatuto, ang mga guro ang itinuturing na pinakamahalagang salik sa pagtataguyod ng isang dekalidad na uri ng edukasyon. Sa ganang pahayag, marapat

lamang na sa loob ng silid-aralan ay tiyak at matalastas ang mga gurong nakatalaga sa bawat asignatura upang maisakatuparan ang bawat kasanayang pangkurikulum. Kasangkot sa mga programa ng Kagarawan ng Edukasyon ang paghubog sa kaniyang mga guro upang magkaroon ng angking kakayahan sa pagtuturo.

Sa kabilang banda, hindi maiiwasan sa sistemang pang-edukasyon ang kakulangan ng mga guro sa bawat paaralan. Bagaman nagbubukas ang kagawaran ng mga bakanteng posisyon para sa mga bagong guro alinsunod sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 7, s. 2015, ay hindi pa rin nagiging sapat ang bilang nga mga ito para sa lumalaking bilang ng mga mag-aaral na nagpapatala sa iba't ibang paaralan sa bansa. Kaya naman, ito'y humahantong sa pagtatalaga ng mga lider ng paaralan ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang taliwas sa kanilang medyor. Sa ganitong sitwasyong inaakalang makapagbibigay ng tugon sa umiiral na kakulangan ay lumilikha pa ito ng mga panibagong suliraning kailangang kaharapin ng kagawaran. Kung sisiyasatin nang mabuti ang bawat detalye hinggil sa isyung binanggit, uusbong ang mga nakatagong balakid upang ang mga mag-aaral ay tuluyang hindi matuto sa kanilang guro. Mahalagang bigyang-pansing ang pangangailangan ng guro na maging maalam sa mga pamamaraan ng pagtuturo sa iba't ibang gawaing naaayon sa gabay pangkurikulum ng asignatura. Ang pagtugon ng isang guro sa pagtuturo ng hindi niya medyor ay maituturing isang panganib sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, sapagkat nakasalalay sa kaniyang pagtuturo ang katagumpayan ng pagkatuto ng isang mag-aaral. Sa mapanuring pag-aaral nina O'Meara at Faulkner (2021), pinatotohanang ang mga guro ay may direktang impluho sa mga saloobin sa pagganap ng mga mag-aaral. Samakatuwid, napakahalagang makapaglipat ng kaalaman ang guro patungo sa mga mag-aaral nito.

Sa kabila nito, may mga gurong pikit-matang tinatanggap pa rin ang hamon sa pagtuturo ng asignaturang taliwas sa kanilang medyor. Ito ay bilang pagsunod sa nakatataas sa kanila at dahil na rin sa nosyon ng pagkakaroon ng likas na katangian ng guro na magpakita ng kahusayan sa pagtuturo kahit taliwas ito sa kaniyang nakasanayang itinuturo. Sa katunayan, sa isang pag-aaral na isinagawa nina Pacana et al. (2019), napag-alaman na laganap ang ganitong uri ng pamamalakad kung itutuon ang perspektiba sa Pilipinas. Bagaman nakararanas ng mga suliranin ang guro sa ganitong instruksyon, tinatanggap at tumatalima pa rin sila sa pagtuturo ng asignaturang taliwas sa kanilang medyor. Ito ay dahil sa diskresyon sa pagsunod sa mga usaping pampangangasiwa ng mga ulo ng paaralan.

Bunga ng mga nailatag na suliranin sa mga naunang talata, ang mananaliksik ay humantong sa pagsasagawa ng isang pag-aaral sa katularing kontekstong naipahayag. Mas pinasidhi pa ang ganitong nasa, dahil sa kasalukuyang pinagtuturuan ng mananaliksik ay may mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino bagaman taliwas ito sa kanilang tinapos na medyor. Bunsod nito, nagiging pasanin ng mga nasabing guro ang mga gawaing pang-asignaturang Filipino na halos ang tumutugon ay isa o dalawang kuwalipikadong gurong Filipino lamang. Bukod pa rito, maging sa usaping pagtuturo man ay nagkakaroon ng suliranin dahil sa mga gurong salat pa rin sa mga mabibisa at angkop na pamamaraang maaaring gamitin sa pagtuturo ng mga aralin sa Filipino.

Batay sa ginawang paunang sarbey ng mananaliksik, lumitaw na patuloy pa rin ang mga ganitong problema sa lokal na kaniyang pag-aaral. Bilang preliminaryong bahagi, ang mananaliksik ay nagsagawa ng paunang panayam sa pamamagitan ng *focus group discussion (FGD)* sa mga gurong nagtuturo ng Filipino, bagaman taliwas ito sa kanilang medyor, sa ilang paaralan ng Subic. Ang mananaliksik ay nagbahagi ng isang paksa na masusing pinag-usapan at tinalakay ng mga indibiduwal na nasa loob ng pangkat. Sa paunang gawaing isinagawa, napag-alaman ang mga sumusunod: (1) dalawa mula sa limang guro ang may medyor na Araling Panlipunan at Ingles samantalang, isa mula sa limang guro naman ang may medyor na MAPEH; (2) lima mula sa limang gurong nakilahok ang nagsabing wala silang pormal na paghahanda o pagsasanay sa pagtuturo ng Filipino; (3) bagaman dalawa sa limang guro ang nagtuturo na ng Filipino sa loob ng dalawang taon, sila ay aminadong nahihirapan pa rin sa pagtuturo ng asignatura; (4) ang lahat ng mga kalahok ay nagsabing humihingi pa sila ng patnubay mula sa kapwa guro sa kanilang pagtuturo; at (5) dalawa mula sa limang guro ang nagsabing nahihirapan sila sa pagtuturo ng wika at gramatika, habang isa sa lima naman ang aminadong nahihirapan sa pagtuturo ng panitikan, partikular sa panulaan.

Buhat sa naging kinalabasan ng paunang gawain, mapaghihinuha na mahalagang isulong ang umiiral na pag-aaral sapagkat ayon kina Rebucas at Dizon (2018), ang mga lubos na kuwalipikadong guro ay nagiging hindi lubos na kuwalipikado kung sila ay inaatang magturo ng asignaturang hindi nila gamay. Ito ay bunga ng kanilang hindi akmaing paghahanda at pagsasanay sa asignaturang Filipino kung ihahambing sa asignaturang kanilang pinagkadalubhasaan. Mahalaga ring bigyang-diin na ang mga pagsasanay sa aralin sa ibang asignatura ay maaring hindi magkatugma sa asignaturang Filipino.

Layunin ng pag-aaral na ito na kapwa mailarawan ang demograpikong propayl at ang pananaw at danas ng mga gurong nagtuturo ng Filipino kahit na ito ay taliwas sa kanilang medyor. Bilang resulta ng pag-aaral, matutukoy

ang mga kalakasan, gayundin ang mga kahinaan ng mga piling gurong Filipino sa mga elemento ng pagtuturo. Samantala, mula sa mga ibinunga ng pag-aaral, ang mananaliksik ay makabubuo at makapagmumungkahi ng isang *plan of action* bilang pagtugon sa mga natukoy na kahinaan ng mga gurong lumahok. Ang iminungkahing *plan of action* na ito ay nagtataglay ng mga pinasadyang estratehiya sa pagtuturo na may sanggunian sa kanilang larangan at kung paano ito iuugnay sa pagtuturo ng Filipino.

Ang pagsulong ng pag-aaral na ito ay may malaking kapakinabangan sa mga gurong Filipino bagaman hindi ito ang kanilang tinapos na medyor. Ang bunga ng isinasagawang pananaliksik ay inaasahang makapag-aambag tungo sa isang mas mabisa at mayamang pamamaraan ng pagtuturo, lalong-lalo na sa mga gurong kalahok ng ilang mga piling klaster sa Sangay ng Zambales. Sa ganoong sabi, mas mapaiigting ang pagtuturong may kalidad sa asignaturang Filipino at ang pagsasakatuparan sa mga layuning itinadhana ng Kagawaran ng Edukasyon, alinsunod sa gabay pangkurikulum ng pinapaksang asignatura nitong papel.

## II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Layunin ng pag-aaral na ito na mailarawan ang pananaw ng mga gurong nagtuturo ng Filipino – taliwas sa kanilang tinapos na medyor – hinggil sa kanilang mga danas sa pagtuturo ng asignaturang banggit sa mga matataas na paaralan ng ilang mga piling klaster sa Sangay ng Zambales. Nilalayan ng pananaliksik na ito na matugunan ang mga sumusunod na katanungan: (1.) Paano mailalarawan ang mga guro batay sa kanilang demograpikong propayl: 1.1 medyor na tinapos; 1.2 antas ng edukasyong tinapos; at 1.3 bilang ng taon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino? (2.) Paano mailalarawan ang pananaw ng mga guro sa kanilang mga danas sa pagtuturo ng asignaturang Filipino batay sa kanilang: 1.1 kaalaman sa paksang-aralin; 1.2 paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo; 1.3 pamamaraan sa pagtuturo; 1.4 paraan ng pagtataya; at 1.5 pamamanihala ng klase? (3.) May makabuluhang ugnayan ba sa pagitan ng pananaw ng mga guro sa kanilang mga danas sa pagtuturo ng Filipino at ng kanilang demograpikong propayl? (4.) Alin sa mga elemento ng pagtuturo masasalamain ang kalakasan at kahinaan ng mga guro? (5.) Anong *plan of action* ang maimumungkahi upang matugunan ang mga kahinaang natukoy at malinang ang mga kalakasan? (6.) Ano ang resulta ng antas ng pagtanggap sa mga eksperto? (7.) Ano-ano ang implikasyon ng pag-aaral sa larangan ng pagtuturo, partikular sa asignaturang Filipino?

## III. METODO NG PANANALIKSIK

Ang mananaliksik ay gumamit ng deskriptibong-korelasyonal na paraan ng pagsusuri dahil layon niyang mailarawan ang pananaw sa danas ng mga gurong nagtuturo ng Filipino na taliwas sa kanilang medyor at ng kanilang demograpikong propayl at kung mayroon bang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol na banggit. Sa pagtukoy ng mga ito, isang *plan of action* ang iminungkahi at mapaghihinuha ang kinalabasan ng pag-aaral sa pagtuturo ng Filipino.

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa mga matataas na paaralan sa mga piling klaster sa Sangay ng Zambales upang magkaroon ng kaalaman ang mga kinauukulan hinggil sa layunin at suliranin nito. Ang mga sampol sa pag-aaral na ito ay ang 30 guro sa Junior High School na nagtuturo ng Filipino na taliwas sa kanilang medyor, sa mga piling klaster sa Sangay ng Zambales, sa Taong Panuruan 2020-2021. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng kabuoang paglahok o *complete enumeration* sa pagpili ng mga gurong kalahok sa pag-aaral.

Ang talatanungang nayari ay may pagsangguni at masusing ibinatay sa Gabay Pangkurikulum sa Filipino, *National Competency Based Teacher Standards*, at sa *Philippine Professional Standards for Teachers* (DO no. 42, s. 2017). Ang instrumentong ito ay ginamit sa pagkalap ng datos para masukat ang pananaw sa danas ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino, bagaman taliwas ito sa kanilang medyor. Gumamit ang mananaliksik ng *likert-type* na uri ng talatanungan at binubuo ng dalawang pangunahing bahagi: una, ay ang demograpikong propayl ng mga gurong lalahok at pangalawa ay ang kanilang pananaw at danas sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang unang bahagi ay nilangkapan ng mga sumusunod na impormasyon o propayl mula sa mga gurong lalahok: medyor na tinapos, antas ng edukasyong tinapos, at bilang ng taon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang pangalawang bahagi naman ay ang mga pananaw at danas ng mga guro sa kanilang pagtuturo ng asignaturang Filipino, bagaman ito ay taliwas sa kanilang medyor na pinag-aralan. Ang mga panukat na ito ay nahahati sa limang kategorya na hinulma mula sa limang pangunahing elemento ng pagtuturo: kaalaman sa paksang-aralin, paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo, paraan ng pagtataya at pamamanihala ng klase. Ang bawat panukat ay irarango mula (5) na may katumbas na pagpapakahulugang, “Lubos na Nararanasan” hanggang (1) na ang ibig ipakahulugan naman ay “Hindi Nararanasan.” Sa pagbalido naman sa mungkahing *plan of action*, gumamit ng tsekliis na kung saan irarango ng mga eksperto ang bawat pamantayan mula (5) na may katumbas na “Pinakataas na Katanggap-tanggap” hanggang (1) na pinakamababa na katumbas ng deskripsiyong “Hindi Katanggap-tanggap.” Upang lubusang makatiyak sa katumpakan at kaangkupan ng talatanungang niyari, ito ay ipinabalido sa limang (5) dalubhasa sa larangan ng asignaturang Filipino at

pananaliksik batay sa mga pamantayan: dalawang (2) Master Teacher, isang (1) Ulong Guro, isang (1) Koordineytor ng Filipino at isang (1) Member ng Research Team sa Sangay ng Zambales.

Ang mga datos na nakuha at nakalap mula sa kasagutan ng mga guro ay inilalahad sa pamamagitan ng talahanayan at patalatang pamamaraan. Gayundin, ang mga ito ay sinuri at binigyang-kahulugan gamit ang mga angkop at akmang istatistika. Ang *Statistical Package for the Social Sciences (SPSS)* ay ginamit. Gayundin, ang *Pearson-Product Moment Correlation* ay kinasakampung para sa sintesis at interpretasyon ng mga nakalap na datos na tumaya sa ugnayan sa pagitan ng pananaw at danas ng mga guro at ng kanilang demograpikong propayl.

#### IV. RESULTA NG PANANALIKSIK AT PAGTALAKAY

Sa bahaging ito ng pananaliksik, bibigyan pansin ang sumusunod na datos:

##### **Kurso at Medyor na Tinapos ng mga Gurong Kalahok sa Pag-aaral**

Ang mga sumusunod ay ang bilang at bahagdan ng mga gurong kalahok na nakapagtapos ng kursong Batsilyer sa Pansekondaryang Edukasyon: 11 sa mga ito ay medyor sa English na may katumbas na 36.67%; samantala, 13.33% naman ang medyor sa Science na may bilang na 4 (apat); 3 (tatlo) sa mga gurong kalahok ang may medyor sa Araling Panlipunan na may 10.00% ; habang, ang mga medyor na Values Education at MAPEH naman ay may parehong tig-2 (dalawa) o 6.67% na gurong kalahok; at 1 (isa) o 3.33% naman sa mga ito ang may medyor na TLE. Sa kabilang banda, may mga gurong kalahok dingnakapagtapos ng ibang kursong taliwas sa pagka-guro: 2 (dalawa) o 6.67% sa mga ito ay nagtapos ng BS – Business Administration; habang mayroon namang tig-iisa (1) na may katumbas na 3.33% sa mga kursong BA – Economics, BS – HRM, BS – Accountancy, BS – Psychology, at BA – Communication.

Sa kahit ano mang larangan, mahalaga ang pagtatamo ng isang kursong angkop sa propesyonal na larangang kinaaaniban. Kaugnay nito, lubos at tunay na mahalaga ang pagtatamo ng kursong edukasyon sa larangan ng pagtuturo. Ang mga asignaturang kalakip sa kursong ito ay may malaking ambag sa katagumpayan ng isang indibiduwal tungo sa kaniyang propesyonal na landasin (Grossman, 2021). Manapa’y sa alinmang uri ng instruksyon, mahalagang nakahanay ang medyor na tinapos ng isang guro sa kaniyang asignaturang itinuturo. Sa ganoong sabi, mas maipapahayag at mas mapapalalim ng guro ang mga karanasang pampagkatutong dapat matamo ng mga mag-aaral batay sa kung ano ang itinakda sa Gabay Pangkurikulum na dapat sundan sa pagtuturo.

##### **Antas ng Edukasyong Tinapos ng mga Gurong Kalahok**

Ang antas ng edukasyong tinapos ng mga gurong kalahok sa pag-aaral ay ang mga sumusunod: ang mga gurong kalahok na nakapagtapos ng Batsilyer sa Pansekondaryang Edukasyon sa kani-kanilang mga medyor: 20.00% ang maluwalhating nagtapos sa medyor na English na may bilang na 6 (anim); 4 (apat) naman ang Science na may 13.33%; samantala, 10.00% naman o 3 (tatlo) ang may medyor sa Araling Panlipunan; at kapwa tig-1 (iisa) ang may medyor na MAPEH at TLE na may katumbas na 3.33%. Liban naman sa kursong pagka-guro o BSEd, tig-1 (iisa) o 3.33% sa mga gurong kalahok ang nakapagtapos sa mga sumusunod na kurso: BS – Business Administration, BS – HRM, BS – Accountancy, BS – Psychology, BA – Communication.

Samantala, 1 (isa) o 3.33% ang nakapagtapos ng Master in Business Administration. Gayundin, 1 (isa) o 3.33% nakapagtapos ng MAEd – English; kaugnay naman nito, 10.00% ang nakapagtamo na ng yunit sa kaperehong antas ng edukasyon na kumakatawan sa 3 (tatlo). Ang mga sumusunod naman na antas ng edukasyon ay may pare-parehong tig-1 (isa) o katumbas ng 3.33% ng mga gurong kalahok na nakapagtamo na ng yunit sa masteral sa kani-kanilang mga medyor: MAEd – Values Education, MAEd – Religious Education, MAEd – Educational Management, MAEd – Cultural Education, at MA – Economics. Mula sa mga datos na nabanggit, mapaghihinuha na halos sa mga guro ay may panimulang kurso pa lamang sa kanilang propesyon. Kaya naman, mahalagang isulong ang pagtatakda ng mas pinalawig na antas ng edukasyong rekwisito, na siyang magagamit sa promosyon ng guro sa kaniyang pagtuturo sa isang pampublikong pampaaaralan, sa ilalim ng Kagawaran ng Edukasyon. Ayon sa pag-aaral nina Massimi et al. (2017), ang pagtatamo ng mas mataas na antas ng karunungan o kurso, tulad ng masteral, ay imperatibo sa propesyonal na pagsulong isang indibiduwal. Dagdag pa rito, sa pagtatamo ng mas pinataas na antas ng edukasyon ng isang indibiduwal ay inaasahan ring mapalalawig ang kaniyang kasanayan at antas ng pagganap sa napiling larangan.

Bilang pagtutulad, mahalagang isaaisip ng mga guro na ang pagkakamit ng mas mataas na antas ng edukasyon ay krusiyal sa kanilang propesyonal na pag-unlad na nakatakda sa *National Competency-Based Teacher Standards (NCBTS)* bilang pagtugon sa pagpapalawig ng kanilang propesyonal na kaaalaman at kasanayan sa pedagolohiya o sining ng pagtuturo (Kautusang Pangkagawaran Blg. 42, s. 2017).

### Bilang ng Taon ng mga Gurong Kalahok sa Pagtuturo ng Filipino

Ang bilang ng taon ng mga gurong kalahok sa pagtuturo ng asignaturang Filipino: 8 (walo) sa mga gurong kalahok ang nasa unang taon pa lamang sa pagtuturo na kumakatawan sa 26.67; samantala, 9 (siyam) naman ang mga gurong nasa ikalawang taon na may 30.00%; habang, 16.67% naman o 5 (lima) gurong kalahok ang nasa ikatlong taon; parehong tig-2 (dalawa) o 6.67% ang mga gurong nakapagsilbi na ng apat at anim na taon; parehong tig-1 (isa) naman o 3.33% ang mga gurong nakapaglingkod na ng 5 (lima) at 7 (pito) taon sa pagtuturo. Sa kabilang banda, may tig-1 (isa) o 3.33% sa mga gurong kalahok ang wala pang isang taon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Ang bilang ng taon sa pagtuturo ay kumakatawan sa propesyonal na karanasan ng guro sa larangan ng pagtuturo. Ayon kay Bangao (2020), sa kaniyang pag-aaral na nilahukan ng mga retiradong guro, nabanggit na ang bilang o ang haba ng taon sa pagtuturo ay nakapag-aambag sa batis ng kaalaman at mayamang karanasan ng isang guro. Samakatuwid, mahalagang bigyang-pansin na ang bilang ng taon sa pagtuturo ay tunay na nakaaapekto sa paraan ng pamamanihala ng guro sa loob ng silid at sa kaniyang pagdulog sa pakatuto ng mga mag-aaral. Manapa'y sinasabing ang karanasan ang siyang pinakamahasay na guro. Kung gayon, kung mas mahaba ang bilang ng taong inilagi ng guro sa pagtuturo, mapagwawari ding mas malalim ang kanyang taglay na karanasan at kadalubhasaan sa pedagohiya, lalo't higit sa pagtuturo ng asignaturang Filipino na siyang imperatibo sa pag-aaral na ito.

### TALAHANAYAN 1. Pananaw at Danas ng mga Guro sa Kaalaman sa Paksang-Aralin

Pamantayan	Mean	Deskripsyon
Nakabatay sa mga modyul at gabay pangkurikulum ng DepEd ang pagkalap ng impormasyon sa bawat aralin.	3.40	Nararanasan
Naipapamalas ang malawak na kaalaman at pang-unawa sa pagtuturo ng mga saling-akdang pandaigdig (akdang Mediterranean, bansang kanluranin, Africa at Persia).	2.20	Di-gaanong Nararanasan
<b>Kabuoang Mean</b>	<b>2.62</b>	<b>Nararanasan</b>

Mula sa talahanayan 1, matutunghayan na ang may pinakamataas at pinakamababang naitalang mean para sa pananaw at danas ng mga guro sa kanilang kaalaman sa paksang-aralin. Makikitang nakapagtala ng *3.40 mean* ang pamantayang, "Nakabatay sa mga modyul at gabay pangkurikulum ng DepEd ang pagkalap ng impormasyon sa bawat aralin," na may katumbas na deskripsyong "Nararanasan." Sa panahon ngayon dulot ng pandemya, nabalam ang tradisyonal na lunsaran ng pagkatuto. Kaya naman, tahasang ipinairal ang paglipat sa tinatawag na *distance learning*. Ayon kay Quinones (2020), ang ganitong uri ng tsanel ng pagkatuto ay naisasagawa kapag ang guro at ang kanyang mga mag-aaral ay malayo sa aspetong heograpikal kapag isinasagawa ang proseso ng pagtuturo-at-pagkatuto. May tatlong uri ang DL, kabilang dito ang *Modular Distance Learning (MDL)*, *Online Distance Learning (ODL)*, at *TV/Radio-Based Instruction*.

Mahalagang bigyang-pansin na ang pamantayang ito ang siyang nakapagtala ng pinkamataas na *mean*. Buhat dito, mabibigyang-palagay na ang mga guro ay may malawak na kaalaman sa pagsunod sa mga ibinibigay na modyul at gabay pangkurikulum mula sa Kagawaran ng Edukasyon. Ang paggamit ng mga nabanggit ay isang indikasyon na nasa tamang landasin at masistema ang proseso ng pagtuturo-at-pagkatuto.

Kung susuriin, matutunghayang ang pamantayang, "Naipapamalas ang malawak na kaalaman at pang-unawa sa pagtuturo ng mga saling-akdang pandaigdig (akdang Mediterranean, bansang kanluranin, Africa at Persia)" ang siyang nakapagtala ng pinakamababang *mean* na may katumbas na bilang at deskripsyong 2.20 o "Di-gaanong Nararanasan." Ang panitikan ang isa sa dalawang haligi ng pagtuturo ng asignaturang Filipino; kasangkot ang wika, grammar, o balarila. Katulad sa nabanggit ng Gabay Pangkurikulum sa Filipino, mahalaga ang asignaturang ito sa paghubog ng pambansang pagkakakilanlan.

Ayon kay Nibalvos (2019), ang panitikan ang pinakamalinaw na salamin ng ating pagkatao. Nagsisilbi itong kasangkapan upang maipakita ang kahalagahan ng ating pagkakakilanlan bilang isang Filipino. Kaya naman, hindi maipagkakaila ang pundamental na halaga ng pagtuturo ng panitikan sa mataas na paaralan, lalo't higit ng mga saling-akdang pandaigdig.

Bagaman, ang pamantayang ito ang nagtala ng pinakamababang mean, inaasahan pa ring mapabuti ng mga guro ang kanilang kaalaman hinggil sa mga panitikang halaw mula sa ibang bansa. Batay sa isang malayang

talakayang nilahukan ng mga gurong kalahok, napag-alamang nahihirapan silang unawain ang ganitong uri ng panitikan sapagkat hindi ito gaanong nabibigyang-diin sa pagtuturo, na halos ay mga panitikang pambansa ang itinatampok. Kaya naman, mahalagang magkaroon ng pagbabalik-tanaw sa tulong ng mga gawain o programa upang malutasan ang suliraning ito.

Sa kabuoan, makikitang ang mga gurong kalahok ay nakakuha ng kabuoang *mean* na 2.62 sa kanilang mga danas sa kaalaman sa paksang-aralin, na may deskripsyong “Nararanasan.” Ibig sabihin, may sapat na kaalaman ang mga gurong-kalahok sa pagtuturo ng mga paksang-aralin sa asignaturang Filipino, dahil nararanasan nila ang mga pamantayang nabanggit. Gayunpaman, mahalagang bigyang-diin na ang ang malawak na karanasan ng guro sa paksang-aralin ang siyang makapagbibigay ng indikasyon sa lawak din ng kaalaman na maaaring matamo ng mga mag-aaral. Ayon sa isang impormal na panayam mula sa isang gurong lumahok, nabanggit na ang kaniyang kaalaman sa paksang-aralin ay may malaking bahagdan sa kabahaginan ng kaniyang kasanayan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Dahil sa kaniyang ganap na pang-unawa sa paksang-aralin, nagagawa ng guro na maituro ang asignaturang itinatampok bagaman hindi ito ang kaniyang medyor na tinapos.

#### TALAHANAYAN 2. Pananaw at Danas ng mga Guro sa Paghahanda ng mga Kagamitang Pampagtuturo

Pamantayan	Mean	Deskripsyon
Nagagamit ang teknolohiya sa pagtuturo ng mga araling pampanitikan at pang-gramatika.	2.67	Nararanasan
Naipapamalas ang pagkamapanlikha sa paggamit ng mga kagamitang katutubo.	2.27	Di-gaanong Nararanasan
<b>Kabuoang Mean</b>	<b>2.48</b>	<b>Di-gaanong Nararanasan</b>

Mula sa talahanayan 2, mapagwawari na ang pamantayang, “Nagagamit ang teknolohiya sa pagtuturo ng mga araling pampanitikan at pang-gramatika” ang nakapagtala ng pinakamataas na mean. Ipinaparating nito ang pagkakaroon ng mayamang kasanayan sa aspetong teknikal ng mga gurong kalahok. Ayon kina Shukla et al. (2020), ang integrasyon ng teknolohiya ay isang mabisang estratehiya sa pagtuturo na makapagpapayaman sa lalong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng teknolohikal na aspeto sa pagtuturo ng panitikan at gramatika ay makapag-aambag sa mas mabisa at ganap na pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Sa isang panayam mula sa mga kalahok, nabanggit na gumagamit sila ng mga *powerpoint presentation* at *video lesson* sa pagtalakay ng mga aralin. Gayundin, ang paggamit ng mga *e-book* sa pagtuturo ng panitikan ay kanila ring nakasanayan.

Samantala, nakakuha naman ng pinakamababang *mean* na 2.27 ang pamantayang, “Naipapamalas ang pagkamapanlikha sa paggamit ng mga kagamitang katutubo” na may deskripsyong “Di-gaanong Nararanasan.” Mahalagang mataglay ng mga gurong kalahok ang pamantayang nabanggit sapagkat ito ay makatutulong sa pagtataguyod ng kultura ng kanilang lunan. Ayon kay Bruner (2020), ang integrasyon ng kultura sa pagtuturo ay isang mandatong panlipunang kailangang sundin ng anomang institusyong pang-edukasyonal. Inaasahang ang isang paaralan ay magiging kasangkapan upang mapanatili at maitaguyod ang katutubo at kultural na pamana. Kaugnay nito, ang paggamit ng guro ng mga kagamitang katutubo bilang mga kagamitang pampagtuturo ay magiging tulay upang mas makaugnay at makasabay ang kaniyang mga mag-aaral sa paksang tinatalakay.

Sa kabuoan, ang danas ng mga guro sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo ay nakakuha ng deskripsyong, “Di-gaanong Nararanasan” na may kaakibat na 2.48 *mean*. Bunga nito, ipinapakita na ang mga gurong lumahok sa pag-aaral ay may kakulangan sa kasanayan sa paghahanda ng kagamitang pampagtuturo, dahil sa hindi nila ito gaanong nararanasan. Ayon sa isa sa mga gurong kalahok, napag-aninaw na ang paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo para sa asignaturang Filipino ay isang kasanayang hindi lubusang nagagamit. Ito ay dahil sa kanilang kakulangan sa kaalaman at kasanayan kung paano ito ihanda at balangkasin dahil kaiba ang paghahanda ng mga ito sa paraan ng kanilang paghahanda sa kani-kanilang medyor na natapos. Sa ganoong pahayag, madalas na dumedepende na lamang ang mga guro sa paggamit ng mga nayaring aklat o modyul kaysa sa paggamit ng mga mapanlikha at kaaya-ayang mga kagamitan na gaganyak sa mga mag-aaral upang sila ay makilahok sa talakayan.

**TALAHANAYAN 3. Pananaw at Danas ng mga Guro sa Pamamaraan sa Pagtuturo**

Pamantayan	Mean	Deskripsyon
Naiiugnay ang mga aralin sa Filipino sa iba pang disiplina.	2.97	Nararanasan
Nagsasagawa ng pantulong na gawain tulad ng <i>remedial class</i> sa mga mapanghamong aralin sa gramatika at panitikan.	2.47	Di-gaanong Nararanasan
<b>Kabuoang Mean</b>	<b>2.72</b>	<b>Nararanasan</b>

Matutunghayan sa talahanayan 3 na nagkamit ng deskripsyong “Nararanasan” na may kaakibat na 2.97 pinakamataas na mean ang pamantayang, “Naiiugnay ang mga aralin sa Filipino sa iba pang disiplina.” Indikasyon ito na ang mga guro ay sumusunod sa direktiba ng Kagawaran ng Edukasyon hinggil sa integrasyon ng isang asignatura patungo sa isa pang tiyak na disiplina. Nakasaad sa kautusang pangkagawaran na kailangang magkaroon ng kaisahan ang mga asignatura at pagkakaugnay-ugnay sa pagtalakay ng mga aralin (Department of Education, 2020). Sa ganoong pamamaraan, mas nagkakaroon ng pagkakataon na maunawaan ng isang mag-aaral ang mga paksang inihaharap sa kaniya dahil sa tagni-tagni at interdisiplinaryong lapit na ginagamit ng guro sa pagtalakay ng aralin.

Sa kabilang banda, ang pamantayang “Nagsasagawa ng pantulong na gawain tulad ng *remedial class* sa mga mapanghamong aralin sa gramatika at panitikan” ay nakakuha ng deskripsiyong, “Di-gaanong Nararanasan” na may kaakibat na 2.47 pinakamababang mean. Ukol sa isang pag-aaral nina Awang, et al. (2013), napatunayang ang paggamit ng iba’t ibang estratehiya sa pagtuturo ay nakapagtataguyod sa kalugud-lugod na kaasanan at saloobin sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Isa sa mga estratehiyang tinutukoy ay ang *remedial class*. Ang pagsasagawa ng mga remediyal na klase ay isang alituntuning inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon upang makasabay ang mga mag-aaral na humarap sa mga mapanghamong paksa. Ang pagbibigay-interbensiyon sa mga mag-aaral katulad ng mga pantulong o karagdagang gawain ang siyang binibigyang-diin sa estratehiyang ito (Department of Education, 2021). Ayon sa isang *focus group discussion*, bagaman hindi gaanong nararanasan ang pamantayang banggit, pinagsusumikapan ng mga gurong kalahok ang magsagawa ng *remediation* sa kanilang mga mag-aaral bilang pagtalima sa alituntunin ng Kagawaran lalo na sa gitna ng pandemya, na kung saan hindi sadyang maikukubli ang sagwil sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa kabuoan, 2.72 ang mean na nakuha para sa pananaw at danas ng mga guro sa pamamaraan sa pagtuturo na may katumbas na deskripsiyong, “Nararanasan.” Batay sa isang panayam mula sa ilang piling gurong-kalahok, nabanggit na hindi naman gaanong nagkalahok ang kanilang pamamaraan ng pagtuturo ng asignaturang Filipino kung ito ay ihahambing sa kanilang sadyang medyor na tinapos. Kaya naman, lumalabas sa resulta ng pag-aaral na nararanasan ng mga guro ang paggamit ng iba’t ibang mga estratehiya, dulog, lapit, at/o pamamaraan sa kanilang pagtuturo ng asignaturang Filipino. Kapansin-pansin ang mga ito dahil kadalasan, ang mga estratehiya sa pagtuturo ay maaaring maibagay sa alinmang mga asignatura. Ayon kina Casinillo at Guarte (2018), ang mga estratehiya o pamamaraan sa pagtuturo ay may malaking kontribusyon sa kabisaan ng guro sa proseso ng pagtuturo-at-pagkatuto. Tunay nga namang nakasalalay sa guro ang pang-unawa ng mga mag-aaral sa isang paksa. Alalaon baga’y kailangang bigyang-pansin ng guro kung angkop ba ang estratehiya o pamamaraang kaniyang ginagamit sa pagtuturo.

**TALAHANAYAN 4. Pananaw at Danas ng mga Guro sa Paraan ng Pagtataya**

Pamantayan	Mean	Deskripsyon
Nagagamit ang mga resulta ng pagtataya tungo sa mas mabisang paraan ng pagtuturo.	2.83	Nararanasan
Nakagagamit ng mga hindi tradisyonal na uri ng pagtataya tulad ng <i>portfolio</i> , dyornal, at iba pa.	2.57	Nararanasan
Nakabubuo ng mga rubrik o pamantayan sa pagtataya o pagmamarka ng mga awtput o pagganap ng mga mag-aaral.	2.57	Nararanasan
Nakapagbibigay ng tugon o <i>feedback</i> sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa isang partikular na aralin.	2.57	Nararanasan
<b>Kabuoang Mean</b>	<b>2.67</b>	<b>Nararanasan</b>

Makikita sa talahanayan 4 na ang pamantayang, “Nagagamit ang mga resulta ng pagtataya tungo sa mas mabisang paraan ng pagtuturo” ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 2.83 at may deskripsiyong, “Nararanasan.” Ang pagkamit mga gurong kalahok sa pamantayang ito ay isang indikasyon na magkatuwang ang kanilang isinasagawang pamamaraan ng pagtuturo sa paraan nila ng pagtataya. Ayon kina Carvalho et al.

(2017), ang paggamit ng mga estratehiya at kasangkapang pampagtataya ay dapat ipangilak upang maisulong ang pagkahubog ng mga kasanayang pampagkatuto at pagganap ng mga mag-aaral. Sa pagkakaroon ng ugnayan ng mga ito, matitiyak ang katagumpayan ng pagsasagawa ng proseso ng pagtuturo-at-pagkatuto.

Sa kabilang banda, ang mga sumunod na pamantayan ay nakakuha naman ng pinakamababang mean na 2.57, na may deskripsiyong “Nararanasan”: “Nakagagamit ng mga hindi tradisyonal na uri ng pagtataya tulad ng *portfolio*, dyornal, at iba pa”; “Nakabubuo ng mga rubrik o pamantayan sa pagtataya o pagmamarka ng mga awtput o pagganap ng mga mag-aaral”; at “Nakapagbibigay ng tugon o *feedback* sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa isang partikular na aralin.” Ang tugon o *feedback* ay lubhang napakahalaga sa pagkatuto ng isang mag-aaral. Gayunpaman, napatunayan sa pag-aaral nina Utheim at Hopfenbeck (2019), na nahihirapan ang mga mag-aaral na matuto mula sa mga tugong ibinibigay sa kanila ng guro. Kaya naman, lubos na mahalaga para sa isang guro na tiyakin ang kabisaan ng paraan ng pagtatayang kaniyang gagamitin. Mahalagang bigyang-pansing ang paggamit ng tradisyonal at makabagong paraan ng pagtataya ay makatutulong sa matagumpay na pagganap ng mag-aaral sa isang gawain at tugon ng guro. Dagdag pa rito, ang paggamit ng awtentiko o tunay na paraan ng pagtataya ay mabisa sa pagkatuto at paglahok ng mga mag-aaral (Fell-Kurban, 2019). Ang kalidad, at hindi kuwantidad, ang susi sa pagkatuto ng mga mag-aaral; ibig sabihin mas mainam ang pagbibigay ng indibiduwal na tugon.

Sa kabuoan, matutunghayan sa talahanayan na ang kabuoang mean na nakuha para sa pananaw sa danas ng mga guro sa paraan ng pagtataya ay 2.67 na may katumbas na deskripsiyong, “Nararanasan.” Ipinaparating lamang nito na ang mga gurong kalahok sa pag-aaral ay nagpapatupad at gumagamit ng iba’t ibang mga paraan sa pagtataya sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sang-ayon sa isang *focus group discussion* na isinagawa sa mga gurong-kalahok, napag-alaman na anoman ang kanilang medyor na tinapos, ginagamit at ipinaiiral pa rin nila ang kombinasyon ng tradisyonal at makabagong uri ng pagtataya. Ani la, sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, hindi lamang sila nakatuon sa paggamit ng isang paraan sa pagtataya ng kanilang mga mag-aaral bagkus, sila ay nagsasagawa ng baryasyon sa mga ito depende sa pangangailangan ng isang aralin o paksang pinag-aaralan.

#### **TALAHANAYAN 5. Pananaw at Danas ng mga Guro sa Pamamanihala ng Klase**

<b>Pamantayan</b>	<b>Mean</b>	<b>Deskripsyon</b>
Napapanatili ang silid na ligtas at akma sa proseso ng pagtuturo-at-pagkatuto.	3.10	Nararanasan
Naipatatupad ang mga tuntuning itinakda sa loob ng silid tungo sa paghubog ng katanggap-tanggap na kaasalan.	2.87	Nararanasan
<b>Kabuoang Mean</b>	<b>2.94</b>	<b>Nararanasan</b>

Ipinapakita sa talahanayan 5, na nagkamit ng pinakamataas na mean na 3.10 ang pamantayang, “Napapanatili ang silid na ligtas at akma sa proseso ng pagtuturo-at-pagkatuto” na may katumbas na deskripsiyong, “Nararanasan.” Ang pagganap sa pamantayang ito ay isang pagtalima sa ipinaiiral na *Child Protection Policy* ng Kagawaran ng Edukasyon. Isinasaad sa kautusan na ang bawat bata o mag-aaral ay may karapatan sa isang ligtas, akma, at mapag-ampong lugar ng pagkatuto. Habang ang kapasidad at kagulangan ng mga mag-aaral ay kasalukuyang nahuhubog, sila man din ay mga taong may karapatan sa pagiging ligtas at pagtanggap (Department of Education, 2018).

Samantala, ang pamantayan naman na, “Naipatatupad ang mga tuntuning itinakda sa loob ng silid tungo sa paghubog ng katanggap-tanggap na kaasalan” ang nakakuha ng pinakamababang mean na 2.87 sa talahanayang ito na may deskripsiyong, “Nararanasan.” Bagaman ito ang naitalang may pinakamababang mean, ang mga gurong kalahok ay mahinusay na nagpapatupad ng mga alituntuning dapat sundin sa kontescto ng pagkatuto – tradisyonal o onlayn man. Ayon sa malayang talakayan ng mga gurong kalahok, naisaad na sila ay mahigpit na nagpapatupad ng mga batas ng paaralan at nagtatakda ng mga tuntuning kailangang sundin ng kanilang mga mag-aaral upang mahubog ang kanilang maka-Diyos, makatao, makakalikasan, at makabansang kaasalan o pagpapahalaga. Sa pag-aaral nina Affandi et al. (2020), nabanggit na sa pamamanihala ng guro sa silid ay hinihubog na rin niya ang kaasalan ng kaniyang mga mag-aaral. Kaya naman, mahalagang magkaroon ang guro ng malawak na ekstensiyon ng kaalaman sa mga teorya at pagsasanay sa pamamanihala ng silid nang makabuo ng isang integratibong pamamanihala sa wastong paglahok nito sa mga mag-aaral, bilang tuon ng kanilang pagkatuto.

Sa kabuoan, ang pananaw sa danas ng mga guro sa paraan ng pagtataya ay nakakuha ng 2.94 mean na may kaakibat na deskripsiyong, “Nararanasan.” Ang resultang nailahad sa itaas mula sa mga datos na nakalap ay hindi na kataka-taka pa, sapagkat ayon sa mga gurong-kalahok, ang isang silid na magiliw at may malugod na pagtanggap ay isa sa kanilang tinitiyak at inihahanda para sa kanilang mga mag-aaral. Alalaon бага, ang danas



at ang elemento sa pagtuturong nabanggit ay likas na para sa mga guro, anoman ang kanilang asignaturang itinuturo. Samakatuwid, ang pananaw sa danas sa pamamanihala ng klase para sa mga gurong-kalahok ay isang katangiang ganap na at kanilang nararanasan.

#### TALAHANAYAN 6. Ugnayan sa pagitan ng Pananaw at Danas sa Medyor

Medyor	r	sig	Deskripsyon
Kaalaman sa Paksang-Aralin	-0.077	0.686	Walang Makabuluhang Ugnayan
Paghahanda ng Kagamitang Pampagtuturo	0.050	0.794	Walang Makabuluhang Ugnayan
Pamamaraan sa Pagtuturo	-0.132	0.486	Walang Makabuluhang Ugnayan
Paraan ng Pagtataya	-0.071	0.710	Walang Makabuluhang Ugnayan
Pamamanihala ng Klase	0.024	0.899	Walang Makabuluhang Ugnayan

Inilalahad sa Talahanayan 6, ang ugnayan sa pagitan ng pananaw at danas at ng medyor ng mga gurong kalahok. Batay sa talahanayan, makikita ang mga sumusunod na ugnayan sa pagitan ng mga baryabol: kaalaman sa paksang-aralin, na may sig 0.686; paghahanda ng kagamitang pampagtuturo, na may sig 0.794; pamamaraan sa pagtuturo, na may sig 0.486; paraan ng pagtataya, na may sig 0.710 at sig. 0.899 naman para sa pamamanihala ng klase.

Ang sig ay walang makabuluhang ugnayan kung ang *value* nito ay lumagpas sa 0.05. Samakatuwid, ang mga sumusunod ay walang makabuluhang ugnayan sa medyor na tinapos ng gurong kalahok. Batay sa isang impormal na panayam mula sa isang gurong-kalahok, inaasahan sa isang guro na dapat maging handa at maging bukas sa pagtuturo ng ibang asignatura, kahit pa ito ay taliwas sa kaniyang medyor na tinapos. Lalo na, kung ang paaralang pinagtuturuan ay humaharap sa kakulangan o kakapusan ng mga guro para sa isang tiyak na asignatura. Ang pahayag na ito ay magpagtitibay sa pag-aaral na isinagawa nina Fulgado at Ison (2017), na naglatag na ang kakulangan ng mga guro sa paaralan ang isa sa mga itinuturing na prinsipal na dahilan kung bakit nangyayari ang pagtuturong taliwas sa medyor.

Ang isang guro ay kinikilala bilang tagahasik ng kaalaman at tagapagpanday ng mga kasanayan. Sa anomang konteksto, o asignatura sa ganang iyon, ang pagtuturo ng guro na taliwas sa kaniyang medyor ay isang hubad na reyalidad sa mga pampublikong mataas na paaralan (Gatpandan, 2018). Kung gayon, katulad ng naging resulta ng mga inilalahad na datos sa itaas, hindi magiging sagwil ang medyor na tinapos sa kabisaan ng guro sa sining ng kaniyang pagtuturo sa asignaturang Filipino, kahit pa ito ay taliwas sa kaniyang medyor na tinapos.

Gayunpaman, mahalagang kilalanin na ito ay may malaking kasalungatan sa pag-aaral na isinulong at natapos nina Nixon, et al. (2017), na nagsuri at nagtaya sa mga gurong nagtuturo ng asignaturang Agham (Science) sa kanilang bansa. Napag-alaman nilang may negatibong epekto sa instruksyon ng mga guro at sa pagsulong ng kanilang propesyonal na kaalaman ang pagtuturo ng asignaturang hindi kahanay ng kanilang medyor.

#### TALAHANAYAN 7. Ugnayan sa Pagitan ng Pananaw at Danas sa Antas ng Edukasyong Natapos

Antas ng Edukasyong Natapos	r	sig	Deskripsyon
Kaalaman sa Paksang-Aralin	.381*	0.038	May Makabuluhang Ugnayan
Paghahanda ng Kagamitang Pampagtuturo	0.267	0.155	Walang Makabuluhang Ugnayan
Pamamaraan sa Pagtuturo	0.167	0.379	Walang Makabuluhang Ugnayan
Paraan ng Pagtataya	0.215	0.254	Walang Makabuluhang Ugnayan
Pamamanihala ng Klase	0.193	0.306	Walang Makabuluhang Ugnayan

Matutunghayan sa Talahanayan 7, ang ugnayan sa pagitan ng pananaw sa danas at antas ng edukasyong natapos ng mga gurong kalahok. Batay sa talahanayan, makikita ang mga sumusunod na ugnayan sa pagitan ng mga baryabol: paghahanda ng kagamitang pampagtuturo, na may sig 0.155; pamamaraan sa pagtuturo, na may sig 0.379; paraan ng pagtataya, na may sig 0.254 at sig 0.306 naman para sa pamamanihala ng klase. Ang sig ay walang makabuluhang ugnayan kung ang *value* nito ay lumagpas sa 0.05. Samakatuwid, ang mga sumusunod ay walang makabuluhang ugnayan sa antas ng edukasyong natapos ng gurong kalahok.

Batay sa isang *focus group discussion* na isinagawa sa mga gurong-kalahok, napatunayan na walang kinalaman ang antas ng edukasyong natamo ng isang guro sa kaniyang paghahanda ng kagamitang pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo, at paraan ng pagtataya. Inaasahan ang pagkahubog ng propesyonal na kahusayan sa pedagohiya at nang sapat at napapanahong kaalaman sa larangan ng ispesyalisasyon ng isang nagtapos sa kursong pagka-guro (Commission on Higher Education, 2017).

Sa kabilang banda, mahalagang bigyang-diin na ang kaalaman sa paksang-aralin ay nakapagkamit ng sig 0.038. Ibig sabihin, ito ay may kaugnayan sa antas ng edukasyong natapos ng gurong kalahok. Sapagkat ang sig ay may kaugnayan kung ang *value* nito ay hindi lumagpas sa 0.05. Samakatuwid, may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol na kasangkot. Ayon sa pag-aaral nina Massimi et al. (2017), ang pagkakamit ng mas mataas na antas ng karunungan o kurso, tulad ng dalubhasaan, ay esensiyal sa propesyonal na pag-unlad ng isang indibiduwal.

Ang kinalabasan ng pag-aaral ay may reperensiya sa pag-aaral nina Ramirez et al. (2020), na tumalakay at nagtasa na ang pagkamit ng mas mataas na antas ng karunungan para sa mga guro ay isang propesyonal na tungkulin. Sa kaniyang pagkamit ng mas mataas na edukasyon, mas lumalawak din ang kaniyang karunungan sa kaniyang konsentrasyon o pinagkadalubhasaan. Mula rito, mahihinuha na ang antas ng edukasyong natapos ng isang guro ay kababanaagan ng epekto sa kaniyang kaalaman sa paksang-aralin. Dahil sa kaniyang pag-aaral ay mas nagiging ganap ang kaniyang pang-unawa sa isang tiyak na disiplinaryang pinagkadalubhasaan.

#### TALAHANAYAN 8. Ugnayan sa Pagitan ng Pananaw at Danas sa Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino	r	sig	Deskripsyon
Kaalaman sa Paksang-Aralin	0.199	0.292	Walang Makabuluhang Ugnayan
Paghahanda ng Kagamitang Pampagtuturo	0.149	0.433	Walang Makabuluhang Ugnayan
Pamamaraan sa Pagtuturo	0.193	0.306	Walang Makabuluhang Ugnayan
Paraan ng Pagtataya	0.177	0.351	Walang Makabuluhang Ugnayan
Pamamanihala ng Klase	0.161	0.396	Walang Makabuluhang Ugnayan

Matutunghayan sa Talahanayan 8, ang ugnayan sa pagitan ng pananaw at danas at ng bilang ng taon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga gurong kalahok. Batay sa talahanayan, makikita ang mga sumusunod na ugnayan sa pagitan ng mga baryabol: kaalaman sa paksang-aralin, na may sig 0.292; paghahanda ng kagamitang pampagtuturo, na may sig 0.433; pamamaraan sa pagtuturo, na may sig 0.306; paraan ng pagtataya, na may sig 0.351. at sig 0.396 naman para sa pamamanihala ng klase.

Ang sig ay walang makabuluhang ugnayan kung ang *value* nito ay lumagpas sa 0.05. Samakatuwid, ang mga sumusunod ay walang makabuluhang ugnayan sa bilang ng taon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ito ay may kaugnayan sa pag-aaral nina Topchyan at Woehler et al. (2020), na napag-alamang ang bilang ng taon ng pagtuturo ng isang guro ay walang makabuluhang epekto sa kaniyang katagumpayan sa mga usaping pampagtuturo. Katulad ng nabanggit ng mga gurong-kalahok, hindi maibabata sa haba ng taon ng pagtuturo ang kanilang katagumpayan sa mga nailahad na elemento ng pagtuturo.

#### TALAHANAYAN 9. KALAKASAN NG MGA GURO SA PAGTUTURO

Elemento ng Pagtuturo	Kabuoang Mean	Deskripsyon
Pamamanihala ng Klase	2.94	Nararanasan
Pamamaraan sa Pagtuturo	2.72	Nararanasan
Paraan ng Pagtataya	2.67	Nararanasan
Kaalaman sa Paksang-Aralin	2.62	Nararanasan

Mula sa Talahanayan 9, makikita ang mga pangunahing elemento ng pagtuturo na nailarawan bilang "Nararanasan" na deskripsyon: nagkamit ng pinakamataas na kabuoang mean ang pamamanihala ng klase na may 2.94; samantalang, ang pamamaraan sa pagtuturo naman ay nakakuha ng kabuoang mean na 2.72; habang 2.67 kabuoang mean naman ang paraan ng pagtataya at 2.62 kabuoang mean naman ang kaalaman sa paksang-aralin.

Buhat dito, mahihinuha makikita ang kalakasan ng mga gurong kalahok sa kanilang pagtuturo sa pamamanihala ng klase, pamamaraan ng pagtuturo, paraan ng pagtataya, at kaalaman sa paksang-aralin. Ang mga sumusunod na elemento ng pagtuturo ay napatunayang nararanasan ng mga gurong-kalahok batay sa kanilang mga naibigay na pananaw at danas.

Bilang isang guro, kinakailangang taglayin ang kakayahan na pamalakaran ang isang klase, kaalaman kung paano isagawa ang sining ng pagtuturo, kasanayan sa paraan kung paano tayahin ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral, at ang kaalaman sa nilalaman o paksa ng asignaturang itinaturo. Pinatotohanan ito nina O'Meara at Faulkner (2021), sa kanilang pag-aaral na ang mga guro ay may direktang impluho sa mga saloobin sa pagganap ng mga mag-aaral kaya't mahalagang isaalang-alang ang kahusayan ng guro sa kaniyang pagtuturo. Ito ay maisasagawa kung taglay ng guro ang mga pangunahing elemento sa proseso ng pagtuturo.

**TALAHANAYAN 10 Kahinaan ng mga Guro sa Pagtuturo**

Elemento ng Pagtuturo	Kabuoang Mean	Deskripsyon
Paghahanda ng Kagamitang Pampagtuturo	2.48	Di-gaanong Nararanasan

Sa kabilang banda, makikita sa Talahanayan 10, ang kahinaan ng mga guro sa pagtuturo. Tanging ang paghahanda ng kagamitang pampagtuturo lamang ang nagkamit ng kabuoang mean na 2.48, na may katumbas na “Di-gaanong Nararanasan” na deskripsyon mula sa limang pangunahing elemento ng pagtuturo.

Mula rito, mahihinuha na hindi gaanong nararanasan ng mga guro ang mga kasanayan sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo na lubos na kinakailangan upang matamo ang isang mabisang proseso ng pagtuturo-at-pagkatuto. Samakatuwid, mababakas dito ang kanilang kahinaan sa pagtuturo.

Mahalagang bigyang-diin na ang mga kagamitang pampagtuturo ang lunsaran ng isang mabisa at mayamang pagkatuto. Pinagtibay ang pahayag na ito sa tuklas ng pag-aaral ni Doknor (2011) na nagsiwalat na may positibong epekto ang paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo sa paghubog ng karanasang pampagkatuto ng mga mag-aaral. Kaya naman, esensiyal na maituturing ang kalutasan ng natukoy na kahinaan ito mula sa mga gurong-kalahok.

### 1. MUNGKAHING *PLAN OF ACTION* UPANG MATUGUNAN ANG KAHINAAN AT MALINANG ANG MGA KALAKASANG NATUKOY

Batay sa mga nalikom at nalagom na resulta ng pag-aaral, ang isang *plan of action* ay niyari upang magsilbing interbensiyon sa natukoy na kahinaan ng mga gurong kalahok sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang *plan of action* na ito ay binubuo ng mga pamagat ng plano, layunin, aktibidad o gawain, taong kasangkot, banghay ng oras sa paggawa, at inaasahang matatamo, nang sa gayon ay matugunan ang kahinaan sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino bagaman taliwas ito sa kanilang medyor na tinapos.

Mahalaga ang katuparan ng pagtukoy sa kalakasan at kahinaan ng mga guro sa mga elemento ng pagtuturo, batay sa kanilang mga pananaw at danas, sapagkat ang mga ito ang magsisilbing batayan at simulain sa pagbuo ng mungkahing gabay, na makatutulong sa pagpapayabong at paghubog ng kanilang mga estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Sang-ayon sa pag-aaral nina Bai et al. (2019), kailangang matulungan ang mga guro sa pag-aangkop at pagpapasya ng kanilang instruksyon o estratehiyang gagamitin sa pagtuturo, sapagkat dito nakasalalay ang kanilang propesyonal na katagumpayan at ang akademikong katagumpayan man din ng kanilang mga mag-aaral. Inaasahan ng mananaliksik na ang masusing binuo at pinabalidong *plan of action* ay tunay at ganap na makatutulong sa mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino, taliwas sa kanilang medyor.

### TALAHANAYAN 11. Antas ng Pagtanggap sa Isinagawang Plan of Action

PAMANTAYAN	Mean	Deskripsyon
Malinaw na nakasaad sa simula ang pamagat, rasyonal at layunin ng plan of action.	5	Pinakamataas na Katanggap -Tanggap
Maayos at madaling maunawaan ang pagkabuo ng mga programa at mungkahing plano sa bawat bahagi.	5	Pinakamataas na Katanggap -Tanggap
Madaling masusundan ang pagkakahati sa mga gawain sa bawat programa	5	Pinakamataas na Katanggap -Tanggap
May bisa at balido ang mga mungkahing programa/gawain sapagkat may mga mandato ng Kagawaran ng Edukasyon ang pinagbatayan.	5	Pinakamataas na Katanggap -Tanggap
Makikita na masusing pinag- aralan ang pagkabuo sa plan of action.	5	Pinakamataas na Katanggap -Tanggap
Maaaring pagbatayan ang nabuong mungkahing plan of action ng susunod na kaugnay na pag- aaral o mananaliksik.	5	Pinakamataas na Katanggap -Tanggap
Katanggap – Tanggap ang lahat ng nilalaman ng mungkahing plan of action.	5	Pinakamataas na Katanggap -Tanggap
Nahahati sa dalawang bahagi ang plan of action batay sa kalakasan at kahinaan ng mga elemento ng pagtuturo ng Filipino.	4.8	Pinakamataas na Katanggap -Tanggap
Madaling mauunawaan ang nilalaman ng mungkahing plan of action sa bawat kategorya.	4.8	Pinakamataas na Katanggap -Tanggap

Madaling nasundan at naunawaan ng mga eksperto upang mabalido ang mungkahing plan of action.	4.8	Pinakamataas na Katanggap -Tanggap
Makikita ang nabuong plan of action ay may sapat na antas ng kalidad para sa mga target na kalahok.	4.8	Pinakamataas na Katanggap -Tanggap
<b>Kabuoan Mean</b>	<b>4.93</b>	<b>Pinakamataas na Katanggap -Tanggap</b>

Makikita sa Talahanayan 11, ang antas ng pagtanggap sa isinasagawang *plan of action* ng mga ekspertong nagbalido mula sa Sangay ng Zambales. Sa kabuoang mean ng balidasyon, ito ay nakakuha ito ng 4.93 na may deskripsiyong “Pinakamataas na Katanggap-tanggap.” Ayon sa Open University (2017), ang isang *plan of action* ay katanggap-tanggap kung ito ay nagbibigay ng pagkakataon na magkintal ng repleksiyon, napagkakaisa ang mga taong kasangkot, nabibigyang-linaw ang mga layunin, nakabubuo ng pangkalahatang pasya, nagpapakita ng balangkas ng pagtupad, at natutukoy ang katagumpayan ng mga itinakdang layunin. Batay sa naging pagtataya ng mga eksperto, taglay ng nayaring *plan of action* ang mga sumusunod na pamantayan. Kaya naman ligtas itong maging sanggunian ng mga mungkahing programa batay sa mga elemento sa pagtuturo ng asignaturang Filipino upang maipagpatuloy na mapagyabong ang mga kalakasan at mapaghinusay ang mga tukoy na kahinaan.

Manapa’y ang isang mainam at mabisang *plan of action* ay ang batayan ng mga matalino at mapanuring mga gawain, tungo sa paglutas ng mga tukoy na suliranin at pagpapayaman sa mga batid na adbantahe (Bartes, 2011). Kaugnay nito, ang *plan of action* na banggit ay iminungkahing gamitin ng mga paaralan kung saan matatagpuan ang mga gurong nagtuturo ng Filipino, bagaman taliwas ito sa kanilang medyor na tinapos. Pairsalin ang *plan of action* na ito sa pagsisimula ng Taong Panuruan 2021-2022 upang matasa ang kabisaan nito sa mga gurong lumahok sa pag-aaral.

### Implikasyon ng Resulta ng Pag-aaral sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

Ang kalidad na edukasyon ay naibibigay ng isang paaralan kung naipapasa ang karunungan at nalilintang ang kasanayan at kakayahan ng isang mag-aaral (Rosel et al., 2013). Kung gayon, imperatibong maituturing na pagtuonan ng pansin ang pagtuturo ng isang guro sa Filipino, nang sa gayon ay matiyak niya ang pagpasa ng mga pangunahing pangangailangan at pamantayan sa isang kalidad na edukasyon sa asignaturang nabanggit.

Napatunayan sa pag-aaral na isinagawa, na ang mga gurong nagtuturo ng taliwas sa kanilang medyor ay kababakasan ng kahinaan sa ilang aspeto ng mga elemento sa proseso ng pagtuturo. Kung kaya’t napakahalaga ang makapagbigay solusyon sa mga problemang kinakaharap ng mga guro sa kanilang pagtuturo.

Napag-alaman sa pananaliksik na ito, na ang pagtuturo ng mga gurong Filipino, taliwas sa kanilang medyor ay may makabuluhang ugnayan sa pangangailangan sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo. Dahil dito, sa pampinid ng papel ng mananaliksik, isang *plan of action* ang kaniyang binalangkas. Ito ay may pagsangguni sa pag-aaral ni du Plessis (2019), na ang isang *plan of action* ay makatutulong kung paano mapapangasiwaang mabuti ng mga guro ang pagkatuto kapag kasangkot na ang pagtuturo sa isang asignaturang taliwas sa kanilang medyor.

Binibigyang-diin ng Kagawaran ng Edukasyon ang kahalagahan ng pagtuturo ng Filipino sapagkat esensyal ang mga kasanayan nitong nailahad sa Gabay Pangkurikulum, sa paghubog ng isang mag-aaral na may kamalayan sa pagkakakilanlan ng kaniyang bansa at kultura, gayundin sa kaniyang pag-agapay sa pagbabago sa daigdig o globalisasyon (Department of Education, 2016). Ang mga layuning ito ay maisasakatuparan lamang kung ang mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino – taliwas sa kanilang medyor – at salat sa kahandaan sa pagyari ng mga kagamitang pampagtuturo sa kanilang asignatura, ay mabibigyan ng mga gabay sa pagbuo at pagsasakatuparan ng mga ito.

### V. KONKLUSYON

Batay sa mga naging resulta ng pag-aaral, ang mga sumusunod na konklusyon ay natukoy: 1. Ang demograpikong propayl ng mga guro, lalong-lalo na sa kanilang medyor, antas ng edukasyon tinapos, at bilang ng taon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay may kakanyahan sa bawat isa. 2. Ang pananaw at danas ng mga guro sa kaalaman sa paksang-aralin, pamamaraan ng pagtuturo, paraan ng pagtataya, at pamamanihala ng klase ay “Nararanasan.” Ito ay dahil sa kaganapan at pagtupad ng mga guro sa mga nabanggit na elemento ng pagtuturo. Gayunpaman, ang kanilang danas sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo ay “Di-gaanong Nararanasan” dahil sa kanilang kakulangan sa kasanayan sa paghahanda ng mga ito. 3. Alinsunod sa natuklasan ng pag-aaral, may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng edukasyong tinapos at kaalaman sa paksang-aralin. 4. Inihayag sa mga naging resulta ng pag-aaral, na ang kahinaan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino ay makikita sa kanilang paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo; samantalang, ang kanilang kalakasan naman ay mababakas sa mga nalalabing elemento ng pagtuturong kasangkot sa pag-aaral. 5. Ang iminungkahing *plan of action* ay tutugon sa kasalatan at pangangailangan ng mga guro sa kanilang kasanayan sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo; gayundin ay magpapayaman sa mga naitalang kalakasan. 6. Ang

binalangkas at pinabalidong *plan of action* ay katanggap-tanggap na tinaya ng mga eksperto at marapat lamang na ipatupad sa mga naging kalahok at lokal nitong pag-aaral. 7. Mahihinuha mula sa mga tuklas, na ang mga gurong nagtuturo ng taliwas sa kanilang medyor ay kababakasan ng kahinaan sa ilang elemento sa proseso ng pagtuturo, lalo't higit sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino.

Mula sa mga naging tuklas at konklusyon ng pag-aaral, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay iminumungkahi: 1. Kinakailangang magkaroon ang mga mga gurong nagtuturo ng Filipino – taliwas sa kanilang medyor – ng mga interbensiyon tulad ng pagsasagawa ng iba't ibang programa, seminar, at/o workshop na tutugon sa kanilang kakulangan ng kasanayan sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo, bilang tukoy na pinakamahina sa lahat ng mga iniladah na elemento ng pagtuturo. 2. Hinihikayat ang mga guro na magpatuloy sa pagkuha ng mas mataas na antas ng edukasyon dahil ito ay may ambag sa kanilang pagkakaroon ng kaganapang pang-unawa at kaalaman sa mga paksang-aralin sa asignaturang Filipino. 3. Alinsunod sa inilabas na kautusan o memorandum ng Kagawaran ng Edukasyon, ang mga tagapanihala ng paaralan ay kinakailangang magbigay lamang ng angkop na asignaturang ituturo sa kanilang mga guro, na may kaakmahan sa medyor na kanilang pinagkadalubhasaan. 4. Ang mga datos mula sa implementasyon ng iminungkahing plan of action ay maaaring gamiting batayan o saligan para sa pagrebisa o pagsasagawa ng muling-balangkas ng plano upang masigurong natutugunan ang kahinaan ng mga guro sa paghahanda ng kanilang mga kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino. 5. Bukod sa mga nabanggit na demograpikong propayl ng mga guro at naisangkot na elemento ng pagtuturo sa kanilang mga danas, ang iba pang mga propayl at elemento sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay maaaring gawing pamalit tungo sa paglalarawan ng korelasyon sa pagitan ng dalawang baryabol. Dagdag pa rito, maaari ding palitan ang lokal at mga kalahok sa pag-aaral, nang mataya kung ang kakulangan sa kasanayan sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo ay katularing danas din ng iba pang mga gurong nasa karatig na pampaaralang sangay. 6. Ang Kagawaran ng Edukasyon at ang mga tagapanihala ng paaralan sa iba't ibang tanggapang pansangay ay maaaring gawing batayan ang pag-aaral upang magkaroon ng malalim na pagsisiyasat sa mga ganitong uri ng pamamalakad at makapagbigay ng interbensiyon o kalutasan hinggil dito. Dagdag pa rito, ang mga naging tuklas ng pag-aaral ay maaaring gamiting saligan sa pagbuo ng mga kautusan o direktiba na sasagot sa mga isyung natuklasan at iniladah. 7. Magsisilbing pamatnubay at sanggunian ang pag-aaral na ito sa mga susunod pang mananaliksik upang makalikom sila ng mga bukal at kaugnay na impormasyon at datos para sa mga katularing pag-aaral. Bukod dito, maaaring gawing batayan, inisyal, at preliminaryong paglilimi ang pananaliksik para sa mas malawakang sakop at iba pang magkaugnay na pag-aaral.

## SANGGUNIAN

### Online Books

- [1]. Cambridge Dictionary. (2021). Demographic Profiles. In *Cambridge University Press*. <https://dictionary.cambridge.org/us/dictionary/english/demographic-profile>
- [2]. Commission on Higher Education. (2017). *Policies, Standards, and Guidelines for Bachelor of Secondary Education (BSED)*. <https://www.google.com/url?sa=t&source=web&rct=j&url=https://ched.gov.ph/wp-content/uploads/2017/11/CMO-No.-75-s.-2017.pdf&ved=2ahUKEWjQv8yCzojyAhUSGqYKHWOdAYoQFjABegQIGxAC&usg=AOvVaw0jEHxAlPpYBZirGJgzOcf&cshid=1627573230992>
- [3]. Department of Education. (2020). *Filipino MELCs*. [https://drive.google.com/file/d/1FzyAPihxhfVNQmeaNbxpMK2K\\_tvyY9KA/view/DepEdmelcs](https://drive.google.com/file/d/1FzyAPihxhfVNQmeaNbxpMK2K_tvyY9KA/view/DepEdmelcs)
- [4]. Department of Education. (2020). *Adoption of the Basic Education Continuity Learning Plan for School Year 2020-2021 In Light With COVID-19 Public Health Emergency*. [https://www.google.com/url?sa=t&source=web&rct=j&url=https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/06/DO\\_s2020\\_012.pdf&ved=2ahUKEwiO-4G1tJyAhWDQN4KHZMRDZ4QFjAPegQIJhAC&usg=AOvVaw2htFnKDTfW9pzyQ5RQrtpe](https://www.google.com/url?sa=t&source=web&rct=j&url=https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/06/DO_s2020_012.pdf&ved=2ahUKEwiO-4G1tJyAhWDQN4KHZMRDZ4QFjAPegQIJhAC&usg=AOvVaw2htFnKDTfW9pzyQ5RQrtpe)
- [5]. Department of Education. (2017). *National Adoption and Implementation of Philippine Professional Standards for Teachers*. DO\_s2017\_042-1.pdf
- [6]. Department of Education. (2016). *Gabay Pangkurikulum sa Filipino (Baitang 1-10)*. [deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/FilipinoCG.pdf](https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/FilipinoCG.pdf)
- [7]. Department of Education. (2010). *The National Competency Based Teacher Standards – Teachers Strengths and Needs Assessment (NCBTS-TSNA)*. [ncbts-tsna-guide-and-tools.pdf](https://www.ncbts-tsna-guide-and-tools.pdf)
- [8]. GOV.PH. (2020). *Ang Konstitusyon ng Republika Ng Filipinas, 1987*. Official Gazzette. <https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/>
- [9]. Grossman, P. (Ed.). (2021). *Teaching core practices in teacher education*. Harvard Education Press. [https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=oP4hEAAAQBAJ&oi=fnd&pg=PT6&dq=info:3yZLLHwJcrUJ:scholar.google.com/&ots=jrXz3qFfmb&sig=cM9EtFXXPPwUNBAdeIPf2bV\\_igY&redir\\_esc=y#v=onepage&q&f=false](https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=oP4hEAAAQBAJ&oi=fnd&pg=PT6&dq=info:3yZLLHwJcrUJ:scholar.google.com/&ots=jrXz3qFfmb&sig=cM9EtFXXPPwUNBAdeIPf2bV_igY&redir_esc=y#v=onepage&q&f=false)

- [10]. Merriam-Webster. (2021). Experiences. In *Merriam-Webster.com*. <https://www.merriamwebster.com/dictionary/experience>
- [11]. Merriam-Webster. (2021). Perspectives. In *Merriam-Webster.com*. <https://www.merriamwebster.com/dictionary/perspectives>
- [12]. Merriam-Webster. (2021). School District. In *Merriam-Webster.com*. <https://www.merriamwebster.com/dictionary/school-district>
- [13]. Merriam-Webster. (2021). Subject Matter. In *Merriam-Webster.com*. <https://www.merriamwebster.com/dictionary/subject-matter>
- [14]. Mind Tools. (2021). *Action Plans. Emerald Works*.
- [15]. [https://www.mindtools.com/pages/article/newHTE\\_04.htm](https://www.mindtools.com/pages/article/newHTE_04.htm)
- [16]. Pascual, J.C. (2020). *Performance of Kindergarten Learners: Basis for an Intervention Plan*. Tarlac State University

#### Journal Articles

- [17]. Affandi, L. H., Saputra, H. H., & Husniati, H. (2020, August). Classroom management at primary schools in Mataram: Challenges and strategies. *Atlantis Press. In 1st Annual Conference on Education and Social Sciences (ACCESS 2019)* (pp. 263-266). <https://www.atlantispress.com/article/125943855.pdf>
- [18]. Andueza, D. J. M., Aquino, S. G., Capobres, H. S. A., Ejurango, S. C., Libosada, E. M., & Fameronag, J. C. (2018). Out-of-field teaching of English major education graduates: A phenomenological study. *International Scholars Conference (6)1*, 285. <https://doi.org/10.35974/isc.v6i1.1256>
- [19]. Arnilla, A.K. (2013). Pagharap at pagtugon sa kakulangan ng kahandaang magturo sa mga estudyanteng may kapansanan sa pandinig: Pagsipat sa karanasan ng mga guro sa Maritime University. *Research Gate*. [https://www.researchgate.net/publication/320357596\\_Pagharap\\_at\\_Pagtugon\\_sa\\_Kakulangan\\_ng\\_Kahandaang\\_Magturo\\_sa\\_mga\\_Estudyanteng\\_may\\_Kapansanan\\_sa\\_Pandinig\\_Pagsipat\\_sa\\_Karanasan\\_ng\\_mga\\_Guro\\_sa\\_Maritime\\_University](https://www.researchgate.net/publication/320357596_Pagharap_at_Pagtugon_sa_Kakulangan_ng_Kahandaang_Magturo_sa_mga_Estudyanteng_may_Kapansanan_sa_Pandinig_Pagsipat_sa_Karanasan_ng_mga_Guro_sa_Maritime_University)
- [20]. Augusto Jr, W. S. (2020). Sulyap sa buhay ng mga gurong nagtuturo ng Filipino bilang out-of-field: Isang penomenohikal na pagsusuri. *The Normal Lights*, (14)2. <https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normalights/article/view/1651>
- [21]. Awang, M. M., Ahmad, A. R., Wahab, J. L. A., & Mamat, N. (2013). Effective teaching strategies to encourage learning behaviour. *IOSR Journal*, 8(2), 35-40. <https://scholar.archive.org/work/cqkqxt7g5appcd6doopgwjcca/access/wayback/http://www.iosrjournal.s.org/iosr-jhss/papers/Vol8-issue2/F0823540.pdf>
- [22]. Bai, Y., Wang, T., & Wang, H. (2019). Amelioration of teaching strategies by exploring code quality and submission behavior. *IEEE Access*, 7, 152744-152754. <https://ieeexplore.ieee.org/abstract/document/8878091/>
- [23]. Bajet-Paz, C.A. & Tolentino, O.T. (2015). Very high level of teaching behavior and outstanding faculty. *JPAIR Multidisciplinary Research Journal*, 22(1). <http://ejournal.ph/form/cite.php?id=12416>
- [24]. Baker, E. L., Barton, P. E., Darling-Hammond, L., Haertel, E., Ladd, H. F., Linn, R. L., ... & Shepard, L. A. (2010). Problems with the use of student test scores to evaluate teachers. *Economic Policy Institute*, 278. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED516803.pdf>
- [25]. Bangao, B. J. D. (2020). Looking back to look ahead: The life trajectory among indigenous people retired teachers in the Philippines. *PalArch's Journal of Archaeology of Egypt/Egyptology*, 17(2), 356-365. <https://archives.palarch.nl/index.php/jae/article/view/1028>
- [26]. Bartes, F. (2011). Action plan-basis of competitive intelligence activities. *Economics & Management*, 16. <http://search.ebscohost.com/login.aspx?direct=true&profile=ehost&scope=site&authtype=crawler&jrnl=18226515&asa=Y&AN=61822050&h=%2Fa6sgjtZqNDY4jHGoFPasDFFiK2H5CtI70We5JyODJKi8ewn55JEh9FsqtYcLMKSJCq%2FG%2FMfuijacgWfvadfQ%3D%3D&crl=c>
- [27]. Bayani, R. & Guhao, E. (2017). Out-of-field teaching: experiences of non-Filipino majors. *International Journal of Education, Development, Society, and Technology* (5)11, 91-127. [https://www.google.com/url?sa=t&source=web&rct=j&url=https://zenodo.org/record/1423235/files/IJEDST\\_2017\\_5\\_11\\_91-127.pdf&ved=2ahUKEwjzWZwtlu\\_vAhXUAYgKHAMyDaoQFjAAegQIBRAC&usq=AOvVaw3NjJOq2ZFfN438x6Elx\\_Or](https://www.google.com/url?sa=t&source=web&rct=j&url=https://zenodo.org/record/1423235/files/IJEDST_2017_5_11_91-127.pdf&ved=2ahUKEwjzWZwtlu_vAhXUAYgKHAMyDaoQFjAAegQIBRAC&usq=AOvVaw3NjJOq2ZFfN438x6Elx_Or)
- [28]. Beins, B.C. (2018). Research methods: A tool for life. *Research Gate*. [https://www.researchgate.net/publication/329600185\\_Research\\_Methods\\_A\\_Tool\\_for\\_Life](https://www.researchgate.net/publication/329600185_Research_Methods_A_Tool_for_Life)
- [29]. Bernardo, J. (2020, July 30). Modular learning most preferred parents: DepEd. *ABS-CBN News*. <https://news.abs-cbn.com/news/07/30/20/modular-learning-most-preferred-by-parents-deped>

- [30]. Bruner, J. (2020). The culture of education. *Harvard University Press*. <https://www.degruyter.com/document/doi/10.4159/9780674251083/html>
- [31]. Bugwak, E. R. (2021). Travails of out-of-field teachers: a qualitative inquiry. *Journal of World Englishes and Educational Practices*, 3(2), 36-57. <https://www.alkindipublisher.com/index.php/jweep/article/view/1345>
- [32]. Caldis, S. (2017). Teachers having to know what they do not know. *Geography Bulletin*, 49 (12017) 13. [gansw.org.au/files/geog-bulletin/2017/1\\_2017/05](https://gansw.org.au/files/geog-bulletin/2017/1_2017/05)
- [33]. Carvalho, E. C. D., Oliveira-Kumakura, A. R. D. S., & Morais, S. C. R. V. (2017). Clinical reasoning in nursing: Teaching strategies and assessment tools. *Revista Brasileira de Enfermagem*, 70, 662-668. <https://www.scielo.br/j/reben/a/dDyzC3GnxfnDrNy4rDFRCnp/?lang=en>
- [34]. Casinillo, L., & Guarte, J. (2018). Evaluating the effectiveness of teaching strategies: The case of a national vocational school in Hilongos, Leyte. *Review of Socio-Economic Research and Development Studies*, 2(1), 65-80. [https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract\\_id=3804151](https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=3804151)
- [35]. Catherine, H., Taylor, S., Sorcinelli, M.D. & Von Hoene, L. (2017). Institutional commitment to teaching excellence: Assessing the impacts and outcomes of faculty development Washington, DC. *American Council on Foundation*.
- [36]. CohenMiller, A. S., Shamatov, D., & Merril, M. (2018). Effective teaching strategies: A brief overview. *Nur.nu.edu*. <https://nur.nu.edu.kz/handle/123456789/3372>
- [37]. Cruz, P. I., Salavaria, H., Camiling, M., Francisco, M. S., Livioco, A., & Santos, L. C. (2017). Effects of out-of-field teaching of science subjects in the learning process of selected grade 10 students of Malabon national high school. *Academia.edu*. [https://www.academia.edu/download/53729577/Effects\\_of\\_Out-of-Field\\_Teaching\\_of\\_Science\\_Subjects.pdf](https://www.academia.edu/download/53729577/Effects_of_Out-of-Field_Teaching_of_Science_Subjects.pdf)
- [38]. Department of Education. (2021, July 16). DepEd issues guidelines on conduct of remedial and advancement classes during summer 2021. *Department of Education*. <https://www.deped.gov.ph/2021/07/16/deped-issues-guidelines-on-conduct-of-remedial-and-advancement-classes-during-summer-2021/>
- [39]. Department of Education. (2020, February 14). Sulong edukalidad a move to innovate PH education, says Briones. *Department of Education*.
- [40]. <https://www.deped.gov.ph/2020/02/14/sulong-edukalidad-a-move-to-innovate-pheducation-says-briones/>
- [41]. Department of Education. (2018, September 3). DepEd, child protection experts commit to ensure safe, free-from-harm environment for learners. *Department of Education*. <https://www.deped.gov.ph/2018/09/03/deped-child-protection-experts-commit-to-ensure-safe-free-from-harm-environment-for-learners/>
- [42]. Department of Education. (1994, March 8). Guidelines for matching specialization in teaching preparation with teaching assignments for public school teachers. *Department of Education*. <https://www.deped.gov.ph/1994/03/08/do-13-s-1994guidelines-for-matching-specialization-in-teaching-preparation-with-teachingassignments-for-public-school-teachers/>
- [43]. du Plessis, A. E. (2019). Barriers to effective management of diversity in classroom contexts: The out-of-field teaching phenomenon. *International Journal of Educational Research*, 93, 136-152. <https://doi.org/10.1016/j.ijer.2018.11.002>
- [44]. du Plessis, A., Carroll A., & Gillies, R. (2014). The meaning of out-of-field teaching for educational leadership. *International Journal of Leadership in Education*, (1)20. <https://doi.org/10.1080/13603124.2014.962618>
- [45]. Fell-Kurban, C. (2019). Designing effective, contemporary assessment on a flipped educational sciences course. *Interactive Learning Environments*, 27(8), 1143-1159. <https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/10494820.2018.1522650>
- [46]. Fulgado, J. ST. & Ison, G. (2017). Teachers' qualification: status, experiences and concerns in a fourth class municipality in eastern Rizal, Philippines. *International Journal of Advanced Research*. 5(12), 826-835. <http://dx.doi.org/10.21474/IJAR01/6026>
- [47]. García, E., & Weiss, E. (2019). The teacher shortage is real, large and growing, and worse than we thought. The first report in "the perfect storm in the teacher labor market" series. *Economic Policy Institute*. <https://www.epi.org/publication/the-teachershortage-is-real-large-and-growing-and-worse-than-we-thought-the-first-report-in-the-perfect-storm-in-the-teacher-labor-market-series/>
- [48]. Gannaban, M. E. (2012). Isang pagsusuri sa propesyon sa aktuwal na kahusayang pampagtuturo ng guro. *Dalumat E – Journal*, 3(1-2). <http://ejournals.ph/form/cite.php?id=6216>
- [49]. Gatpandan, M. A. B. (2018). Out-of-field teaching: Context, processes and experience in cavite public secondary schools. *Doctoral dissertation, De La Salle University Dasmariñas*. <http://thesis.dlsud.edu.ph/6623/1/D%20ED%20MNGT%20114%202018.pdf>

- [50]. Hammer, C.S. (2011). The importance of participant demographics. *American Journal of Speech-Language Pathology*.
- [51]. [https://www.researchgate.net/publication/51763571\\_The\\_Importance\\_of\\_Participant\\_Demographics](https://www.researchgate.net/publication/51763571_The_Importance_of_Participant_Demographics)
- [52]. Hultzman, R. (2016, November 22). What is curriculum guide?. *Study.com*. <https://study.com/academy/lesson/what-is-a-curriculum-guide.html#:~:text=Curriculum%20guides%20are%20documents%20used,necessary%20materials%20and%20assessment%20tools>.
- [53]. Huo, M., Zhao, N., Zhao, Y., & Van Den Noortgate, W. (2021). Who is teaching in Chinese primary schools? A profile of the primary education workforce in Chinese county areas. *Plos one*, 16(1). <https://doi.org/10.1371/journal.pone.0245549>
- [54]. Ibay, R.M. (2021). Kakayahan ng mga guro sa Filipino: Susi sa pagpapayaman ng kaalaman sa gramatika ng mga mag-aaral. *Research Gate*. [https://www.researchgate.net/publication/348349990\\_Kakayahan\\_ng\\_mga\\_Guro\\_sa\\_Filipino\\_Susi\\_sa\\_Pagpapayaman\\_ng\\_Kaalaman\\_sa\\_Gramatika\\_ng\\_mga\\_Mag-aaral](https://www.researchgate.net/publication/348349990_Kakayahan_ng_mga_Guro_sa_Filipino_Susi_sa_Pagpapayaman_ng_Kaalaman_sa_Gramatika_ng_mga_Mag-aaral)
- [55]. Ingersoll, R. M. (2019). Measuring out-of-field teaching. In examining the phenomenon of “Teaching out-of-field”. *Springer Link*. [https://link.springer.com/chapter/10.1007/978-981-13-3366-8\\_2](https://link.springer.com/chapter/10.1007/978-981-13-3366-8_2)
- [56]. Lee, S. W. (2018). Pulling back the curtain: Revealing the cumulative importance of highperforming, highly qualified teachers on students’ educational outcome. *Educational Evaluation and Policy Analysis*, 40(3), 359-381. <https://doi.org/10.3102%2F0162373718769379>
- [57]. Luft, J. A., Hanuscin, D., Hobbs, L., & Törner, G. (2020). Out-of-field teaching in science: An overlooked problem. *Journal of Science Teacher Education* (7)31. <https://doi.org/10.1080/1046560X.2020.1814052>
- [58]. Malipot, M.H. (2019, May 28). Same old problems, severe shortages to mark school opening – teachers’ group. *Manila Bulletin*. <https://mb.com.ph/2019/05/28/same-oldproblems-severe-shortages-to-mark-school-opening-teachers-group/>
- [59]. Massimi, A., Marzuillo, C., Di Muzio, M., Vacchio, M. R., D’Andrea, E., Villari, P., & De Vito, C. (2017). Quality and relevance of master degree education for the professional development of nurses and midwives. *Nurse Education Today*, 53, 54-60. <https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S0260691717300813>
- [60]. McConney, A. & Price, A. (2010). Teaching out-of-field in Western Austria. *Journal of Teacher Education*, 34(6). <http://ro.ecu.edu.au/ajte/vol34/iss6/6>
- [61]. Ministry of Education in Guyana. (2019). Roles of teacher in the classroom. *Ministry of Education, Guyana Navigation*. <https://www.education.gov.gy/web/index.php/teachers/tips-for-teaching/item/1603-roles-of-a-teacher-in-the-classroom#:~:text=Teachers%20set%20the%20tone%20of,look%20for%20signs%20of%20trouble.&text=The%20most%20common%20role%20a,to%20teach%20knowledge%20to%20children>.
- [62]. National Economic and Development Authority. (2018). Frequently asked questions (FAQ) on poverty statistics. *NEDA*. [https://www.neda.gov.ph/fr...PDF on Poverty Statistics - NEDA](https://www.neda.gov.ph/fr...PDF%20on%20Poverty%20Statistics%20-%20NEDA)
- [63]. Nixon, R. S., Luft, J. A., & Ross, R. J. (2017). Prevalence and predictors of out-of-field teaching in the first five years. *Journal of Research in Science Teaching*, 54(9), 1197-1218. <https://doi.org/10.1002/tea.21402>
- [64]. Ohio Teacher Evaluation System. (2015). Ohio teacher evaluation system. <https://education.ohio.gov/getattachment/Topics/Teaching/Educator-EvaluationSystem/Ohio-s-TeacherEvaluation-System/Teacher-Performance-Ratings/OTESModel-122315.pdf.aspx>
- [65]. O’Meara, N., & Faulkner, F. (2021). Professional development for out-of-field post-primary teachers of mathematics: an analysis of the impact of mathematics specific pedagogy training. *Irish Educational Studies*, (1)20. <https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/03323315.2021.1899026>
- [66]. Open University. (2017). The importance of action planning. *Open University*. <https://www.open.edu/openlearncreate/mod/oucontent/view.php?id=53774&section=1.3.2>
- [67]. Pacana, N. M. S., Ramos, C. D., Catarata, M. N., & Onocian, R. B. (2019). Out-of-field social studies teaching through sustainable culture-based pedagogy: A Filipino perspective. *International Journal of Education and Practice*, 7(3), 230-241. <https://eric.ed.gov/?id=EJ1239341>
- [68]. Quinones, M. T. (2020, July 3). DepEd clarifies blended, distance learning modalities for SY 2020-2021. *Philippine Information Agency*. <https://pia.gov.ph/news/articles/1046619>
- [69]. Rebucas, E. M., & Dizon, D. M. (2018). Teaching outside science specialism: Plight of public-school science major teachers in Montevista District. *International Journal of Advanced Research*. 9(2), 944-949. DOI: 10.21275/SR20210092826



- [70]. Roser M., Nagdy M., & Ospina, E. (2013). Quality of education. *OurWorldInData.org*. <https://ourworldindata.org/quality-of-education#citation>
- [71]. Rubio B.P. (2020, October 01). DepEd urged to hire more teachers to ease load and reduce class sizes. *Philstar.com*. <https://www.philstar.com/headlines/2020/10/01/2046466/depd-ed-urged-hire-more-teachers-ease-load-and-reduce-class-sizes>
- [72]. Samillano, J. (2015). Competency among MAPEH teachers in teaching performing arts in selected public secondary schools in North Cotabato. *University of Southern Mindanao*. [http://www.academia.edu/11417973/Competency\\_Among\\_MAPEH\\_Teachers\\_in\\_Teaching\\_Performing\\_Arts\\_in\\_Selected\\_Public\\_Secondary\\_Schools\\_in\\_North\\_Cotabato](http://www.academia.edu/11417973/Competency_Among_MAPEH_Teachers_in_Teaching_Performing_Arts_in_Selected_Public_Secondary_Schools_in_North_Cotabato)
- [73]. Schmidt, S., & Zuzovsky, R. (2016). Quantitative and qualitative teacher shortage and the turnover phenomenon. *International Journal of Educational Research*, 77, 83-91. <https://doi.org/10.1016/j.ijer.2016.03.005>
- [74]. Shahzad, K., & Naureen, S. (2017). Impact of teacher self-efficacy on secondary school students' academic achievement. *Journal of Education and Educational Development*, 4(1), 48-72. <https://eric.ed.gov/?id=EJ1161518>
- [75]. Shoaib, S. and Hanif, R. (2018). Teaching effectiveness: Exploring the role of personal variables. *Foundation University Journal of Psychology 2*. doi=(10.33897/fujp2.11) Statistics How To. (2020). Purposive sampling (deliberate sampling). *Statistics How To*. <http://www.statisticshowto.com/purposive-sampling/>
- [76]. Shukla, T., Dosaya, D., Nirban, V. S., & Vavilala, M. P. (2020). Factors extraction of effective teaching-learning in online and conventional classrooms. *International Journal of Information and Education Technology*, 10(6), 422-427. <http://www.ijiet.org/vol10/1401-OC3023.pdf>
- [77]. Steen-Utheim, A., & Hopfenbeck, T. N. (2019). To do or not to do with feedback. A study of undergraduate students' engagement and use of feedback within a portfolio assessment design. *Assessment & Evaluation in Higher Education*, 44(1), 80-96. <https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/02602938.2018.1476669>
- [78]. Teach.com. (2020). Teaching methods. *Powered by 2U*. [https://teach.com/what/teachersknow/teachingmethods/#:~:text=The%20term%20teaching%20method%20refers,s\)%20and%20school%20mission%20statement.](https://teach.com/what/teachersknow/teachingmethods/#:~:text=The%20term%20teaching%20method%20refers,s)%20and%20school%20mission%20statement.)
- [79]. University of Kansas. (2021). Conducting focus groups. *Community Tool Box*. <https://ctb.ku.edu/en/table-of-contents/assessment/assessing-community-needs-and-resources/conduct-focus-groups/main>
- [80]. University of Wisconsin. (2021). *Instructional materials. Design + Put + Engage*. <https://designteachengage.wisc.edu/instructionalmaterials/#:~:text=Instructional%20materials%20are%20the%20content,other%20resources%20in%20a%20course.>
- [81]. Valisno, M.D. (2012). The nation's journey to greatness: looking beyond five decades of Philippine education, *FAPE*.
- [82]. Weldon, P. R. (2016). Out-of-field teaching in Australian secondary schools. *Policy Insights*, (6). <http://research.acer.edu.au/cgi/viewcontent.cgi?article=1005&context=policyinsights>
- [83]. Westminster College, (2021). What is assessment?. *Westminster College*. <https://www.westminster.edu/about/accreditationassessment/definition.cfm#:~:text=Assessment%20is%20the%20systematic%20basis,increase%20students'%20learning%20and%20development.>
- [84]. Yao, J., Rao, J., Jiang, T., & Xiong, C. (2020). What role should teachers play in online teaching during the COVID-19 pandemic? Evidence from China. *Sci Insigt Edu Front*, 5(2), 517-524. [https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract\\_id=3565608](https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=3565608)